



PARA SA AGARANG PAGLALATHALA

Tulong pinansyal na makakatulong sa mga Canadian na mabawasan ang panganib ng radon gas

Pambuong bansa (Nobyembre 17, 2022): Dati nang humihingi ng tulong ang mga homeowner sa buong bansa para mabawasan ang gastusin sa pagbabawas ng radon sa kanilang mga bahay. Sa wakas, nag-aalok na ang ilang probinsya at rehiyon ng mga grant na tumutulong sa pagbabayad sa mga gastusin sa pagbabawas sa radon para sa mga pamilya.

Ang radon gas ay puwedeng makapagdulot ng malulubhang problema sa kalusugan sa Canada.

"Ang radon gas ang nangungunang sanhi ng kanser sa baga sa mga hindi naninigarilyo, at kung naninigarilyo ka mas mataas pa ang panganib. Ang tanging paraan para malaman kung may matataas na antas ng radon ang iyong bahay ay ang suriin ito. Hinihimok namin ang mga tao sa Canada na ipasuri ang kanilang mga bahay para sa radon gas sa lalong madaling panahon at kumilos para mapababa ang mga antas kung kinakailangan," ayon kay Lynn Murad, senior specialist sa pag-iwas sa kanser sa Canadian Cancer Society.

Mahalaga ang pagpapasuri dahil isa itong walang kulay, walang amoy, at walang lasang gas, pero unang hakbang pa lang ang pagsusuri para sa pag-iwas. Inirerekomenda ng pederal na pamahalaan ang pagpapakabit ng radon mitigation system kung masusuri na ang bahay ay may antas na mas mataas sa 200 Bq/m³.

"Ang pagsusuri para sa radon ay hindi mahal at madali lang gawin, gayunpaman, ang pagpapababa sa antas ng radon ang talagang nagbabawas sa panganib sa kanser," ang sabi ni Dr. Anne-Marie Nicol, isang associate professor ng siyensyang pangkalusugan sa SFU, "anumang bagay na nakakatulong sa pagbabawas ay isang tamang pagkilos."

Napakapektibo ng mga radon mitigation system sa pagbabawas sa mga antas ng radon. Kapag isang propesyonal ng C-NRPP ang nagkabit, wastong masusukat ang mga system ayon sa laki ng bahay na gagawa sa mga itong mas matipid sa kuryente. Mabilis lang pagkakabit at kadalasang nang puwedeng matapos sa loob ng isang araw. Gayunpaman, puwedeng maging mabigat sa bulsa ang mga gastos dito. Ayon sa isang pananaliksik na isinagawa sa buong bansa, ang average na gastos sa pagpapakabit ay nagkakahalaga ng humigit-kumulang \$3,000.

May kaunting pag-asa para sa mga may matataas na antas ng radon, dahil unti-unti nang nagsisimula ang mga matagal nang hinihintay na inisyatibo sa pagpopondo. Available na ngayon ang mga grant sa pagbabayad sa gastos sa pagbabawas ng radon at naglabas kamakailan ang Health Canada ng mga gabay sa pagkilos laban sa radon na nagdedetalye sa kung paano maaaring ibigay ang mga bagong grant at tulong sa pamamagitan ng programa ng pamahalaan.

Lung Association, nag-aalok ang Manitoba ng hanggang \$1,500 para sa pagpapababa ng antas para sa mga pamilyang may mababa hanggang katamtamang kita at sa mga nakikipaglaban sa kanser sa baga sa pamamagitan ng kanilang programang *Lungs Matter*, na pinopondohan sa pakikipagtulungan ng *Take Action on Radon* initiative. Partikular na itong malugod na tinatanggap sa Manitoba dahil alam ng mga residente mula pa noong maaga ng 1990 na isa ang probinsya sa may pinakamataas na antas sa Canada.

"Nagpapasalamat ako na makatanggap ng grant, at sana lang mas nalaman ko pa ang tungkol sa radon noon pa. Malamang na nakatulong iyon para maiwasan ang aking kanser sa baga sa pamamagitan ng



pagpapababa sa antas ng radon," ang sabi ni Corie Haslbeck, isa sa nakatanggap ng grant mula sa Lungs Matter na kasalukuyang lumalaban sa stage 4 na kanser sa baga.

"Isa itong magandang unang hakbang at isang mahalagang hakbang tungo sa nagtatagal na pagbabago," ang sabi ni Pam Warkentin, executive director ng Canadian Association of Radon Scientists and Technologists, "nagbibigay din ang programa ng modelo na madali lang masusundan ng ibang probinsya para mahimok ang mga tao na magpakabit ng mga system.

Nagbibigay ang Saskatchewan Lung ng reimbursement na may maximum na halagang \$1,000 sa mga gastusin para sa pagpapababa ng antas ng radon sa pamamagitan ng kanilang Caring Breaths Financial Assistance Program, isang bagong programa na naging available sa panahon ng pandemya. Sa British Columbia, ang Regional District ng Central Okanagan ay namigay ng mga \$500 na grant sa pamamagitan ng isang paunang programa sa rehiyong iyon. "Pagkatapos makumpirma ng pagsusuri na may mataas na antas ng radon sa ilang bahay sa Okanagan, nakipagtulungan kami sa Take Action on Radon para tulungan ang mga residente na nagpasyang magsagawa ng pagbabago sa kanilang bahay." Nancy Mora Castro, coordinator sa programang Central Okanagan Air Quality.

Bahagyang naiiba ang pamamaraan ng Ontario na sumasaklaw sa buong gastusin ng radon mitigation system para sa mga buyer ng bagong bahay. Sinasaklaw ng Tarion Warranty ang lahat ng bagong bahay sa loob ng unang 7 taon mula sa pagkakatayo ng bahay. Humihimok ito para sa lahat ng bumibili ng bagong bahay na mamuhunan sa pagpapasuri ng bahay sa Ontario. Sinasaklaw ng warranty ang lahat ng gastusin, kailangan lang ng mga homeowner na magbigay ng report ng pagsusuri para sa radon gamit ang pangmatagalang pagsusuri sa pamamagitan ng pag-hire ng isang C-NRPP Measurement Professional o gamit ang isang radon testing kit mula sa lab na na-certify sa pamamagitan ng C-NRPP.

"Sa loob ng limang taon, marami na kaming natulungang tao na masuri ang kanilang mga bahay sa mga komunidad sa buong Canada. Ang isa sa mga unang itinatanong ng mga tao ay anong suporta ang puwedeng makuha na makakatulong sa pagbabawas ng mga antas ng radon? Talagang nakakatuwa na sa wakas ay may masasabi na kaming mga mapagkukunan ng pondo. Sa tatlong komunidad sa Manitoba kung saan kami magtatrabaho sa taglagas na ito, kumpiyansa kami na makakapagpaayos na ang sinumang nangangailangang magpaayos ng kanilang mga bahay, nang mas maaga kaysa ipagpapaliban pa," ang sabi ni Erin Curry, na nagpo-promote ng 100 Radon Test Kit Challenge, isang program sa pagsusuri sa komunidad sa pamamagitan ng Take Action on Radon.

Ang Tungkol sa Take Action on Radon

Ang Take Action on Radon ay isang pambansang inisyatibo na nagsisikap na pagsama-samahin ang mga radon stakeholder at magpakalat ng impormasyon tungkol sa radon sa buong Canada. Ang inisyatibong ito ay pinamumunuan ng Canadian Association of Radon Scientists and Technologists (CARST) at ng Canadian Cancer Society.

Ang Lung Association, Manitoba Lungs Matter Program: <https://mb.lung.ca/radon/lungs-matter---radon-mitigation-community-grant-program.html>



Para alamin ang higit pa tungkol sa radon at kung paano masusuri ang iyong bahay, bumisita sa: TakeActionOnRadon.ca

Para magpaskedyul ng interview sa isang kinatawan, makipag-uganayan sa: Pam Warkentin, p_warkentin@carst.ca; ph:204-798-9649

Para humanap ng mga larawang magagamit sa press release na ito, puwede kang mag-download ng mga libre at may mataas na kalidad na larawan dito: <https://pixabay.com/users/takeactiononradon-18149510/>

Mga Link at Mapagdudulugan

Mga Gabay sa Pagkilos Laban sa Radon mula sa Health Canada: <https://www.canada.ca/en/health-canada/services/health-risks-safety/radiation/radon/action-guides/provinces-territories.html>

Ang webpage ng 100 Test Kit Challenge: <https://takeactiononradon.ca/100-radon-test-kit-challenge/>

Health Canada Residential Radon Mitigation Actions Follow-Up Study (Follow-Up Study ng Health Canada Tungkol sa mga Pagkilos sa Pagbabawas sa Radon sa mga Tahanan): Pampublikong Buod: <https://www.canada.ca/en/health-canada/services/publications/health-risks-safety/residential-radon-mitigation-actions-follow-up-study.html>

Radon Reduction Sweepstakes 2022 Report

[Download the full report here.](#)

[Download the Infograph here.](#)

You can find some multi-language resources here: <https://takeactiononradon.ca/resources/resources-for-stakeholders/>

[TAOR Bookmark English/Tagalog](#)

[TAOR-postcard \(Tagalog/Eng\)](#)

This press release has been translated from English into the following languages:

- French
- Punjabi
- Arabic
- Tagalog
- Chinese

[Find all press releases here.](#)